



15 OCT 2021

**FDA ADVISORY**

No. 2021-2523-A

**PARA : SA LAHAT NG HEALTHCARE PROFESSIONALS AT SA PUBLIKO**

**PAKSA : Babala sa Publiko Tungkol sa Pagbili at Paggamit ng mga Sumusunod na Hindi Rehistradong Gamot:**

1. **Quanjianafu Yijun Essential Oil Used For Body 250 mL**
2. **OTC Jisheng Ankahuang Minjiaonang**

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga sumusunod na hindi rehistradong gamot:

**QUANJIANAFU**  
兴华康泰

抑菌 体用精油

本产品适用于人体不同部位的抑菌和护理，对白色念珠菌、绿脓杆菌、金黄色葡萄球菌等有抑菌作用。

¥ 168.00

净含量: 250ml(5ml × 50支)

**QUANJIANAFU**  
兴华康泰

Essential Oil Used For Body

Specifications: 250ml(5ml × 50)

¥ 168.00

产品名称: 抑菌体用精油  
主要成分: 千里香(Homatomena occulta)、红景天(Carlinus trichotus L.)、西白(Angelica sinensis (Oliv.) Diels)、藏红盐(Clematis chinensis Osbeck)等。

剂型: 液体剂型  
性状: 淡黄色至棕褐色透明液体，允许有轻微影响的沉淀。  
卫生许可证号: 鲁卫消证字(2017)第0004号  
执行标准: Q/THKY00  
生产日期: 见盒体  
有效期: 24个月  
注意: 本品为外用品，请勿内服。如有不适，请停止使用。 生产批号: 生产日期:

**Quanjianafu Yijun Essential Oil Used For Body 250 mL**

Larawan 1. Hindi rehistradong gamot







**OTC Jisheng Ankahuang Minjiaonang**

Larawan 2. Hindi rehistradong gamot

Napatunayan sa pamamagitan ng isinagawang *Post-Marketing Surveillance* (PMS) ng FDA na ang mga nasabing gamot ay hindi dumaan sa proseso ng rehistrasyon ng Ahensya at hindi nabigyan ng kaukulang awtorisasyon tulad ng *Certificate of Product Registration* (CPR). Dahil dito, hindi masisiguro ng Ahensya ang kalidad, kaligtasan at bisa nito. Samakatuwid, ang paggamit ng nasabing mga ilegal na produkto ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan.

Alinsunod sa *Republic Act No. 9711*, o ang *Food and Drug Administration Act of 2009*, ang paggawa, pag-angkat, pagbenta, pamamahagi, paglipat, promosyon, pagpapatalastas o *sponsorship* ng produktong pangkalusugan nang walang kaukulang awtorisasyon mula sa FDA ay ipinagbabawal.

Ang lahat ng establisyamento at/o entidad ay binabalaang huwag mamahagi ng nasabing mga ilegal na produkto hanggang sa ito ay mabigyan ng kaukulang awtorisasyon. Karampatang parusa ay mahigpit na ipatutupad sa mga lalabag. Ugaliing tignan kung rehistrado ang produkto sa FDA sa pamamagitan ng *FDA Verification Portal feature* na makikita sa <http://verification.fda.gov.ph>.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units* (LGUs) at *Law Enforcement Agencies* (LEAs) na tiyaking ang mga produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaaring mag-email sa [info@fda.gov.ph](mailto:info@fda.gov.ph). Upang mag-report ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga hindi rehistradong gamot, mag-email sa [ereport@fda.gov.ph](mailto:ereport@fda.gov.ph). Maaari ring tumawag sa *Center for Drug Regulation and Research* (CDRR) sa numerong (02) 8809-5596. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, i-report agad sa FDA gamit ang link na ito: <https://primary>

[reporting.who-umc.org/Reporting/Reporter?OrganizationID=PH](http://reporting.who-umc.org/Reporting/Reporter?OrganizationID=PH) at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.

  
**ROLANDO ENRIQUE D. DOMINGO, MD**  
Director General

DTN:   
20211011154437